# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV
# Yunit I
# Modyul Blg. 2

# Angat Ka!

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Salamat at naunawaan mo na ang halaga ng iyong buhay at ang kadakilaan ng diyos. Hindi masasayang ang mga natutuhan mo sa humigit kumulang na sampung taon na pananatili sa paaralan. Marahil ay nasa isipan mo na rin ang nais mong kurso sa kolehiyo. Sana ay handa ka na sa pagharap sa bagong yugto ng iyong buhay sa hinaharap.

Ano nga ba ang iyong gagawin kung maiiba ang mga pananaw ng taong iyong makakasam sa bagong kapaligirang iyng tutunguhin. Paano kung nais mo silang tanggihan subalit nag-aatubili kang gawin? Anong prinsipyo ang maaari mong gamitin at panghawakan upang manatili ka sa mabuting landas?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Nasusuri ang moral at ispiritwal na kalikasan ng tao mula sa mga pasyang ginagawa
B. Napatutunayan na ang tao ay may kapasidad na umangat mula sa kanyang material na kalikasan
C. Napaninindigan ang paggawa ng tama at pag-iwas sa masama bilang isang moral at ispirtiwal na nilalang

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa

mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Subukan mong tukuyin kung ang sumusunod ay moral at ispiritwal na kilos. Isulat ang MI kung ito ay moral at ispiritwal at DMI kung hindi.

1. Nagugutom si Ana kaya siya ay kumain.
2. Nagpakasal si Jose at Maria sa simbahan kahit kulang ang pera nila.
3. Natutulog si Gina ng higit sa walaong oras upang mapangalagaan ang kalusugan.
4. Dinidiligan ni Mila ang kanyang mga halaman araw araw upang mapanatili ang ganda ng mga bulaklak nito.
5. Umiinom si Rea ng gatas.
6. Naghanda si Yna dahil kaarawan niya.
7. Ibinahagi ni Fred ang perang galling sa panalo niya sa sabong.
8. Pinaliliguan at binibihisan muna ni Sabel ang kanyang kapatid bago siya pumasok sa paaralan.
9. Si Myrna ay nahuli sa klase pero mayroon siyang takdang aralin.
10. Pagkatapos ng klase ay kinakausap ni Miss Dela Cruz ang mag-aaral niyang may problema.

Nasagot mo ba nang maayos ang panimulang pagsubok. Kung ganoon, umpisahan mo na ang mga gawain.

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1: Sukatin Mo

1. Mula sa panukat na 0-10, kulayan mo ang inaakala mong antas ng iyong:
2. Ang bilang ng hangganan ng iyong kulay ang maglalarawan ng iyong antas ng kaalaman sa moral at ispiritwal na kilos.
3. Tandaan na ang 0 ay nangangahulugan ng walang kalaman sa moral at ispiritwal na kilos. Habang ang 10 ang pinakamtaas na antas ng kaalaman o paggawa. Kaya't maging mapanuri at maayos sa paggkulay dahilan.
4. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Sagutin mo**

1. Magkaiba o magkapareho ang sukat ng temperatura sa mga prinsipyo o pahayag mula sa alam mo at sa ginagawa mo? Bakit?
2. Bakit maari kung minsan ay alam mo ng mali ang isang aksyon o gawain ay itutuloy mo pa rin?
3. Ano ang iyong ginagamit na batayan upang masabi mong tama ang iyong ginagawa o pasya?
4. Ano ang moral na alinlangan para sa iyo?

## Gawain 2: Alin sa Dalawa?

Isulat sa ibaba ng bawat sitwasyon ang iyong maaaring gawin batay sa dalawang nagtutungaling sagot, pagkatapos ay isulat sa panghuling guhit ang iyong napiling sagot.

1. Ang huling araw ng pagpapasa ng book report ay sa Biyernes na kaya nagagahol ka sa panahon si Ana dahil Miyerkules na ngayon. Nakita niya sa lagayan ng kanilang aklat ang book report ng kanyang ate noong nakaraang taon na ganoon din ang paksa. Naisip ni Ana na marahil hindi na ito matatandaan ng kanyang guro kaya…

   A. Kinuha niya at pinalitan ang pangalan, pagkatapos ay ipinasa sa guro dahil hindi na maalala ng guro na book report ito ng aking ate.
   B. Hindi niya kinuha dahil kaya kong gumawa ng sarili kong book report. Higit sa lahathindi tama na angkinin at ipasa ang gawa ng iba.
   C. Ang pinili kong sagot ay ang titik ________ dahil ___________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Ang guro sa matematika ay nagbigay ng isang mahirap na "problem solving" na dapat sagutin. Sinikap ni Jose na sagutin ito subalit hindi siya sigurado sa kanyang sagot. Nasilip niya ang sagot ng katabi niya na mahusay sa Matematika at iba ang kanyang sagot. Tinawag si Jose ng guro kaya't tumayo siya at …

   A. Isinulat sa pisara ang solusyon ng kanyang kaklase na mahusay dahil magaling iyon kaya masa tama ang kanyang sagot.
   B. Isinulat sa pisara ang solusyon ayon sa kanyang sariling ginawang paglutas dahil ito ang kanyang sariling pagkaunawa.
   C. Ang pinili kong sagot ay ang titik _______ dahil _________________
   _________________________________________________________
   _________________________________________________________
   _________________________________________________________

3. Pauwi na mula sa paaralan sina Lito nang maisipan ng tatlo niyang kamag-aral na dumaan muna sa bahay ng isa pa nilang kamag-aral. Ibinilin ng isa sa kanyang mga kasama na huwag sasabihin sa kanyang ina kung saan siya nagpunta. Malapit na siya sa kanilang bahay nang biglang dumungaw sa bintana ang ina ng kanyang kaklase at tinanong kung nasaan ang kanyang anak kaya…
   A. Itinuro niya ang pinuntahan ng kanyang kaklase dahil kawawa naman ang ina nito kung ito ay mag-aalala.
   B. Hindi niya itinuro ang pinuntahan ng kaklase dahil baka magalit sa kanya ang kanyang kamag-aral. Bahala na ang nanay niyang hanapin siya.
   C. Ang pinili kong sagot ay ang titik _______ dahil _________________
   _________________________________________________________
   _________________________________________________________
   _________________________________________________________

## Sagutin Mo

1. Nahirapan ka bas a pagsagot sa Gawain? Bakit?
2. Bakit nagtutunggali ang iyong pasya sa bawat sitwasyon?
3. Anu-ano ang dapat gawin upang mapanindigan mo ang paggawa ng tama bilang isang moral at ispiritwal na nilalang?

## Gawain 3: Ang Sarap ng Feeling!

Isulat sa tapat ng bawat sitwasyon ang maaari mong maramdaman kung ganito ang iyong gagawin:

1. Ibinigay mo ang iyong upuan sa isang matandang sumakay dahil ang bus ay siksikan na.
2. Sinikap mong sagutin ang buong pagsusulit ng hindi ka nagtatanong at tumingin sa papel ng iba.
3. Sinabi mo sa iyong ina na nais kang ligawan ng is among kamag- aral.
4. Nagluto ka ng almusal at sinabi ng iyong tatay, nanay, at mga kapatid na masarap ang iyong niluto.
5. Nakita mo ang iyong guro na maraming dala at walang pagaalinlangan na siya ay iyong tinulungan.

## Sagutin mo

1. Bakit sa iyong palagay masarap at napakagaan ng pakiramdam kapag nakakagawa ka ng kabutihan?
2. Sa iyong palagay saan nagmula ang pagnanasa na gumawa ka ng kabutihan sa iba?
3. Maniniwal;a ka bang mar ispiritwal na kalikasan ang tao? Bakit?

# IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Buuin ang pangungusap ng lumabas ang diwa nito.

1. Ang tao ay may kakayahang gumawa nang mabuti dahil _____________________________________________.
2. Ang taong gumagawa ng kabutihan sa kanyang kapwa ay nagkakaroon ng mabuting pakiramdam dahil ________________________________ _____________________________________________.
3. Kung magkakaroon ng pagkakataong gumawa ng kabutihan sa aking kapwa ay ________________________________________.
4. Ang moral at ispiritwal na nilalang ay_________________________.
5. Dahil sa ispiritwal na kalikasan ng tao, naiangat niya ang kanyang materyal na kalikasan, dahil ditto nais kong ___________________________ _____________________________________________.

## V. Pagpapatibay

Makamit man ng tao ang lahat ng bagay dito sa mundo ay mawawalan naman ito ng saysay o halaga kung hindi ito nailaan sa isang mabuti at maayos na layunin o patutunguhan. Tandaan na hindi mahalaga ang materyal na bagay, maging ang pisikal o materyal na kalikasan dahil ang mga ito ay lumilipas.

Ang tao ay moral na ispiritwal na nilalang. Siya ay may kapasidad na maiangat ang kanyang sarili mula sa kanyang pisikal o materyal na kalikasan o kalagayan. Ang materyal na bagay ay madaling makamit at ang mga luho at sarap ng katawan ay mga panandalian lamang. Ang kanyang materyal o pisikal na katawan ay mamatay subalit ang ispiritwal na kalikasan ay nangangailangan ng mabuting patutunguhan.

Higit sa lahat, ang ispiritwal na kalikasan ay ang kapasidad na magmahal at makaalam. Ito ang nagbibigay halaga sa material na kalikasan. Walang kabuluhan ang katawan kung hindi nito malalaman ang mga kahalagahan nito para sa kanya. Ang kapasidad sa pagpapasya ay nasa paggamit ng kanyang rasyonal na pag- iisip at kalayaang maunawaan, isabuhay at itangi ang mga moral na pagpapahalaga. Ang tinutungo nito kung ganoon ay ang moral na tao na kumikilos kung ano ang tama at kung ano ang dapat.

Ang kilos ay moral kung naaayon ito sa kalikasan niya. Dahil nga likas na mabuti ang tao, kinikilalaniya ang kikta ng kanyang kaisipan, kalooban at konsensya. Ang pagiging moral ay may kaugnayan sa pagkaispiritwal. Ang pagkaisipirtwal na kalikasan ang siyang nag-aangat mula sa pagkamoral hanggang sa sukdulang ispiritwal. Moral ang isang asawa kung tinutupad niya ang kanyang obligasyon bilang asawa at ama ng kanyang mga anak. Subalit maiaangat niya ang kanyang pagiging moral patungong ispiritwal kung mananatili siyang tapat sa kanyang asawa at huwarang ama sa kanyang mga anak.

## VI. Pagnilayan At Isabuhay Mo

Mula sa mga naging Gawain ay tunghayan at pagnilayan ang tatlong larawan sa ibaba. Sundin ang mga sumusunod:

1. Ang mga larawan ay sumisimbolo ng mga moral at ispiritwal na pagpapahalaga.
2. Umisip ng isang moral at ispirtwal na pagpapahalagang maaaring sumimbolo ng larawan.
3. Sa tapat nito, isulat kung paano mo ito maisasabuhay.

## VII. Gaano Ka Natuto?

Muli ay subukan mong tukuyin kung ang sumusunod ay moral at ispiritwal na kilos. Isula ang MI kung moral at ispiritwal at DMI kung hindi moral at ispiritwal.

1. Nagugutom si Ana kaya siya ay kumain.
2. Nagpakasal si Jose at Maria sa simbahan kahit kulang ang pera nila.
3. Natutulog si Gina ng higit sa walaong oras upang mapangalagaan ang kalusugan.
4. Dinidiligan ni Mila ang kanyang mga halaman araw araw upang mapanatili ang ganda ng mga bulaklak nito.
5. Umiinom si Rea ng gatas.
6. Naghanda si Yna dahil kaarawan niya.
7. Ibinahagi ni Fred ang perang galling sa panalo niya sa sabong.
8. Pinaliliguan at binibihisan muna ni Sabel ang kanyang kapatid bago siya pumasok sa paaralan.
9. Si Myrna ay nahuli sa klase pero mayroon siyang takdang aralin.
10. Pagkatapos ng klase ay kinakausap ni Miss Dela Cruz ang mag-aaral niyang may problema.

## VIII. Mga Sanggunian

Abangan, Bella Angeles. 1986. Lakbay Diwa. Quezon City: Lakbay Diwa Enterprises.

Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Sangguniang Aklat, SEDP-IMDC. 1994. Manila: Rex Bookstore.

Esteban, Esther J. 1990. Education in Values: Manila: Sinagtala Publishers, Inc.

## Susi sa Pagwawasto

**Handa Ka Na Ba?**

1. DMI
2. MI
3. MI
4. MI
5. DMI
6. DMI
7. DMI
8. DMI
9. DMI
10. MI

Gaano Ka Natuto?

1. DMI
2. MI
3. MI
4. MI
5. DMI
6. DMI
7. DMI
8. DMI
9. DMI
10. MI